American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN :2378-703X
Volume-5, Issue-9, pp-92-98
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# KALIPUNAN NG MGA SALITANG UMUSBONG SA PANAHON NG PANDEMYA BILANG KAGAMITAN SA PAGUTURO NG FILIPINO AT ANTAS NG MALIKHAING PAG-UNAWA SA PAGBASA

Ramcee Moreno Tolentino[1], Imelda G. Carada Ph.D[2]
[1](Senior High School Teacher,Dr. Panfilo Castro Castro National High School,Candelaria Quezon Philippines)
[2](College of Teacher Education, Laguna State Polytechnic University-San Pablo City Campus, Philippines)

**ABSTRACT :** This study focuses on the Gathering of Words Emerging During the Pandemic as a Teaching Tool in Filipino and on the Level of Creative Reading Comprehension, to increase the level of comprehension creatively based on the originality of the words, connotations, and imagination of the learners. This is because, part of what is being studied in the various Filipino literatures is full of questions and giving interpretations is what it needs to be used for creative understanding. The researcher utilized the experimental method, the respondents were about 100 of the grade 12 SHS students of Dr. Panfilo Castro National High. The teacher developed a brochure and learning activity sheets, based on the Most Essential Learning Competencies, which were distributed to the students. Before using the said tool, the test was given to the learner's which came out not to meet the expectations. When the teacher measured the level of creative understanding of the students, the learning activity sheets were provided each week along with the brochure. After almost a whole quarter, the teacher administered the test to students again and it turned out that their level had risen up to its highest level. That is why the hypothesis that there is no significant difference between the pre-test and post-test is rejected, since the result of this study about the words that emerged during the pandemic helped the students in their creative understanding aspect.

***KEYWORDS:*** *Gathering of words emerging during Pandemic, Filipino, Creative Reading Comprehension*

## I. PANIMULA

Ang Pilipinas ay isa sa may pinaka maraming wika sa buong mundo. Maliban sa pambansang wikang Filipino ay may mga mahigit kumulang na isandaan pang mga katutubong wika o wikain na umiral dito. Bukod sa mga wikang ito ay mga wikang banyaga ring ginagamit tulad ng Mandarin, Fookien, Cantnese, Kastila, at Arabe. Ayon sa Census of Population and housing (CHP) na ginagawa tuwing sampung taon na National Statistics Office (NSO) sa kanilang datos noong 2000, may mahigit sa isandaan at limampung wika at diyalekto sa Pilipinas. Una na riyan ang Tagalog na 5.4 milyong sambahayan; sumunod ang Cebuano/Bisaya/Binisaya/Boholano na may 3.6 na milyong gumagamit; ang ikatlo ay ang Ilokano na may 1.4 milyong nagsasalita; ang Hiligaynon/Ilonggo sa 1.1 na milyong gumagamit. At maliban sa mga naturan ay ang mga sumusunod ang mga gamiting wika sa buong Pilipinas, Bikol/Bicol, Waray, Kapampangan, Pangasinan o Pangalatok, Maguinadaon at Tausog. Dahil ang pinagbatayan nito ay noong 2000 pa ito ay hindi nailathala. Masasabi ring hindi perpekto ang nasabing estadistika dahil na rin sa sobrang tagal na ng panahon at ito ay mga pagbabago na.

Sa isang komunidad ay may sari-saring uri ng indibidwal na nakatira. Bawat tao o grupo ng tao ay may kanya-kanyang diyalekto na ginagamit. May mga gumagamit ng mga katutubong salita, depende sa lugar na kanilang pinanggalingan. Halimbawa nito ay ang gamit ng salitang Waray ng mga taga Bisaya, Ibaloy ng mga taga Mountain Province, Ilocano ng mga taga Ilocos, at Zambal ng mga taga Zambales. May mga ibang grupo naman na ang gamit ay ang makabago at naimbento lamang na mga salita. Mayroon ding gumagamit ng pinaghalong Ingles at Tagalog o mas kilala sa tawag na " Konyo". May ilan ding mga kabataan na gumagamit ng jejemon at bekimon naman ang linggwahe ng mga bading.

Sa larangan din ng mga propesyonal sila ay mayroon din sariling linggwistikong komunidad. Ang mga doctor, abogado, enhinyero at iba pa ay gumagamit ng particular na salita ayon sa grupo ng propesyon na kanilang kinabibilangan. Bawat indibidwal ay may natatanging uri ng wika na kung saan ay sila-sila rin lang ang nagkakaintindihan. Naiiba rin ang uri ng linggwistikong komunidad ang gamit ng mga tao na nasa mataas na antas ng ating sosyolidad.

Sa panahon naman ng Pandemya, ang COVID – 19 ay may mga umusbong din ng mga salita na kung saan madalas naririnig araw-araw sa usapan ng mamamayang Pilipino at makikita sa larangan ng mass media na itinuring ng palasak at tinatanggap sa aspekto ng komunikasyon, dahil ito ay nagkaroon ng ibig sabihin at naiparating sa kausap kung anoman ang naisin. Ito man ay literal o malikhain ang pinaka importante rito ay nagkakaunawaan ang magkausap. Kaya naman ang pag-aaral na ito ay may layuning lipunin ang mga naturang salitang ito at gamitin sa pag-aaral ng mga mag-aaral upang mas lalong umangat at ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa malikhaing aspekto ng kanilang pag-unawa. Ang mag-aaral ng Dr. Panfilo Castro National High School ang naging tagasagot ng pag-aaral na to dahil base sa naging pagsasagot nila sa kanilang mga modules ay mababakas dito ang paggamit nila ng mga naturang salita sa pagbibigay nila ng halimbawa. Kaya naman sila ay nagkaroon ng malaking ambag sa pagkuha ng mga datos sa pag-aaral na ito.

## II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay may pamagat na Kalipunan ng mga Salitang Umusbong sa Panahon ng Pandemya Bilang Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino at Malikhaing Pag-Unawa sa Pagbasa. Ninais ng mananaliksik na matugunan ang mga susumunod na katanungan: (1) Ano ang antas ng Malikhaing Pag-unawa sa Pagbasa ng mga mag-aaral bago gamitin ang Kalipunan ng mga Umusbong na mga salita sa Panahon ng Pandemya batay sa:orihinalidad; konotasyon, at imahinasyon?(2) Ano ang antas ng Malikhaing Pag-unawa sa Pagbasa ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang Kalipunan ng mga Umusbong na mga salita sa Panahon ng Pandemya batay sa: orihinalidad; konotasyon; at imahinasyon? (3)May pagkakaiba ba ang antas ng Malikhaing Pag-unawa sa Pagbasa bago at pagkatapos gamitin ang Kalipunan ng mga Umusbong na mga Salita sa Panahon ng Pandemya?

## II. METODO NG PANANALIKSIK

Ang disenyo ng pag-aaral na ito ay Experimental nakatuon sa malikhaing pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mananaliksik ay bumuo at nagpasagot ng talatanungan na nauukol sa kalipunan ng mg wika sa panahon ng pandemya. Ang pag-aaral na ito ay tungkol Kalipunan ng Mga Salitang Umusbong Sa Panahon ng Pandemya Bilang Kagamitan Sa Pagtuturo ng Filipino At Malikhaing Pag-Unawa Sa Pagbasa, dito ay maaring gamitin ang proseso ng dokumentasyon ng wika upang makalikom ng nauugnay na impormasyon at data.

Ang mga naging tagasagot ay ang mga grade 12 SHS na mga mag-aaral ng Dr. Panfilo Castro National High na mayroong strand na Humanities and Social Sciences 24 na lalaki 21 na babae, Accountancy, Business and Management 5 na lalaki 10 na babae, Home Enomics na may roong 19 na lalaki 19 na babae, at ang Information Communication Technology na may bilang na 1 lalaki at 1 babae na may kabuoang 100 na mag-aaral. Sila ay napili na maging tagasagot ng pag-aaral na ito dahil bahagi ng kanilang pinag-aralan dahil dito ay bumuo ang guro ng mga activity sheets at brocuhe na babasahin na maaring gamitin sa kanilang disiplinang Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto tungo sa Pananaliksik.

Sa pagbuo ng brochure ay kumalap ang mananaliksik ng mga salita batay sa Filipinas Institute of Translation "Sawikaan ng Taon 2020", Unibersidad ng Pilipinas at maging sa iba pang sanggunian. Ang mga nilalaman ng nasbing brochure ay buhat sa larangan ng kabuhayan, pangkat etniko, sa edukasyon, medisina at maging sa wika ng kasalukuyang henerasyon.

Ang instrumento ay ipinabalideyt sa mga DalubGuro II ng Candelaria-East District, Tiaong District Dibisyon ng Quezon. Maging sa Guro III ng Felix Amante Senior High School at UlongGuro III ng San Jose National High School ng Dibisyon ng San Pablo at sa pilot testing na mayroong 30 mag-aaral. Pagkatapos itong masuri ay iwinasto agad ng mananaliksik ang talatanungan learning activity sheets at brochure batay sa naging komento ng mga nabanggit na tao. Upang mas maging matibay at katanggap-tanggap ang instrumenting ginamit sa pag-aaral na ito.

Pagkatapos mabalideyt ang mga talatanungan, activity sheets at brochure ay humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa Division Office sa Quezon at punongguro upang maisagawa. Personal na ipinamigay ng mananaliksik at ipinaliwanag ang mga nilalaman ang ng talatanungan.

Pagkatapos makalap ang kasagutan sa pre-test at post-test, ito ay ikinalasipika at itinabyuleyt. Bumuo ang mananaliksik ng data matirix at sa tulong ng guro sa statistics ito at nilapatan ng kaukulang pagsusuri.

T-test of difference ang ginamit upang masukat ang makabuluhang pagkakaiba ng antas ng malikhaing pag-unawa sa pagbasa bago at pagkatapos gamitin ang Kalipunan ng mga Salitang Umusbong sa Panahon ng Pandemya.

## IV. RESULTA AT DISKUSYON

TALAHANAYAN 1. ANTAS NG MALIKHAING PAG-UNAWA SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL BAGO GAMATIN ANG KALIPUNAN NG MGA UMUSBONG NA MGA SALITA SA PANAHON NG PANDEMYA

| Antas ng Kasanayan | f | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 90 and above | 2 | 2.0 | Pinakamahusay |
| 85-89 | 3 | 3.0 | Napakahusay |
| 80-84 | 8 | 8.0 | Mahusay |
| 75-79 | 22 | 22.0 | Di-gaanong Mahusay |
| 74 and below | 65 | 65.0 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| Total | 100 | 100.0 | |

**Batay sa Orihinalidad**

Ipinapakita lamang ng **Talahanayan 1**, sa antas ng orihinalidad ng malikhaing pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral bago gamitin ang kalipunan ng mga salitang umusbong sa panhon ng pandemya ay ang nagkaroon ng 2 lamang mula sa 100 na mag-aaral o 2% porseiyento lamang ang nasa **pinakamahusay** na antas ng pag-unawa at mayroon naman 65 mula sa 100 o 65% ng mga mag-aaral ang nasa **hindi nakamit ang inaasahan** na antas lamang.

Ipinapakita lamang ng datos sa itaas na marami sa 100 na mag-aaral na kumuha ng pre-test bago gamitin ang mga naturang salita ay hindi ganap ang kanilang kahusayan sa paggamit ng malikahing pag-unawa.

TALAHANAYAN 2. ANTAS NG MALIKHAING PAG-UNAWA SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL BAGO GAMITIN ANG KALIPUNAN NG MGA UMUSBONG NA MGA SALITA SA PANAHON NG PANDEMYA

**Batay sa Konotasyon**

| Antas ng Kasanayan | f | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 90 and above | - | - | Pinakamahusay |
| 85-89 | - | - | Napakahusay |
| 80-84 | - | - | Mahusay |
| 75-79 | 1 | 4.0 | Di-gaanong Mahusay |
| 74 and below | 99 | 99.0 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| Total | 100 | 100.0 | |

Ipinapakita lamang ng **Talahanayan 2**, sa antas ng Konotasyon ng malikhaing pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral bago gamitin ang kalipunan ng mga salitang umusbong sa Panahon ng Pandemya ay ang nagkaroon ng 1 lamang mula sa 100 na mag-aaral o 1% porseiyento lamang ang nasa **di-gaanong mahusay** na antas ng pag-unawa at mayroon naman 99 mula sa 100 o 99% ng mga mag-aaral ang nasa **hindi nakamit ang inaasahan** na antas lamang.

Ipinapakita lamang ng datos sa itaas na marami mula sa 100 na mag-aaral na kumuha ng pre-test bago gamitin ang mga naturang salita ay kulang ang kanilang kaalaman sa pagbibigay ng kahulugan sa paraang konotasyon na maaring magpalabas ng kahusayan sa malikhaing pag-unawa sa pagbasa. Maaring kaya mababa sa bahaging ito ay hindi sapat ang kanilang kaalaman sa konotasyong aspekto ng pagbibigay ng kahulugan kaya naman naging ang resulta ng kanilang paunang pagsusulit ay naging mababa.

TALAHANAYAN 3. ANTAS NG MALIKHAING PAG-UNAWA SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL BAGO GAMATIN ANG KALIPUNAN NG MGA UMUSBONG NA MGA SALITA SA PANAHON NG PANDEMYA

**Batay sa Imahinasyon**

| Antas ng Kasanayan | f | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 90 and above | - | - | Pinakamahusay |
| 85-89 | - | - | Napakahusay |
| 80-84 | - | - | Mahusay |
| 75-79 | 4 | 4.0 | Di-gaanong Mahusay |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 74 and below | 96 | 96.0 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| Total | 100 | 100.0 | |

Ipinapakita lamang ng **Talahanayan 3**, sa antas ng Imahinasyon ng malikhaing pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral bago gamitin ang kalipunan ng mga salitang umusbong sa panhon ng pandemya ay ang nagkaroon ng 4 lamang mula sa 100 na mag-aaral o 4% porseiyento ang nasa **Di-gaanong mahusay** na antas ng pag-unawa at mayroon naman 96 mula sa 100 o 96% ng mga mag-aaral ang nasa **Hindi nakamit ang inaasahan** na antas lamang.

Ipinapakita lamang ng datos sa itaas na marami mula sa 100 na mag-aaral na kumuha ng pre-test bago gamitin ang mga naturang salita ay kulang ang kanilang kaalman sa pagbuo ng talata gamit ang imahinasyon na maaring magpalabas ng kahusayan sa malikhaing pag-unawa sa pagbasa na nakabatay sa rubrik. Masasabing hindi naging madali para sa mga mag-aaral na bigyang kahulugan ang mga salita dahil maaring ito ay bago sa kanilang bokabuaryo at hindi pa nila nagagamit sa paraang akademiko tulad ng pag-aaral na ito. Kya naman batay s ginamit na rubric ay masyado pang mababa ang kanilang nakuhang mga puntos.

TALAHANAYAN 4. ANTAS NG MALIKHAING PAG-UNAWA SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL PAGKATAPOS GAMITIN ANG KALIPUNAN NG MGA UMUSBONG NA MGA SALITA SA PANAHON NG PANDEMYA

**Batay sa Orihinalidad**

| Antas ng Kasanayan | f | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 90 and above | 48 | 48.0 | Pinakamahusay |
| 85-89 | 15 | 15.0 | Napakahusay |
| 80-84 | 18 | 18.0 | Mahusay |
| 75-79 | 8 | 8.0 | Di-gaanong mahusay |
| 74 and below | 11 | 11.0 | Hindi nakamit inaasahan |
| Total | 100 | 100.0 | |

Ipinapakita lamang ng **Talahanayan 4**, sa antas ng orihinalidad ng malikhaing pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang kalipunan ng mga salitang umusbong sa panhon ng pandemya ay ang nagkaroon ng 48 mula sa 100 na mag-aaral o 48% porseiyento ang nasa **Pinakamahusay** na antas ng pag-unawa at mayroon na lamang na 11 mula sa 100 o 11% ng mga mag-aaral ang nasa **Hindi nakamit ang inaasahan** na antas.

Ipinapakita ng datos sa itaas na marami sa 100 na mag-aaral na kumuha ng post-test o pagkatapos gamitin ang mga naturang salita ay tumaas ang kakayahan ng mga mag-aaral na magbahagi ng kaalaman sa orihinalidad na aspekto, nakatulong din sa kanila ang paggamit ng kalipunan ng mga umusbong na salita na salita sa panahon ng pandemya.

TALAHANAYAN 5. ANTAS NG MALIKHAING PAG-UNAWA SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL PAGKATAPOS GAMATIN ANG KALIPUNAN NG MGA UMUSBONG NA MGA SALITA SA PANAHON NG PANDEMYA

**Batay sa Konotasyon**

| Antas ng Kasanayan | f | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 90 and above | 37 | 37.0 | Pinakamahusay |
| 85-89 | 42 | 42.0 | Napakahusay |
| 80-84 | 16 | 16.0 | Mahusay |
| 75-79 | 4 | 4.0 | Di-gaanong Mahusay |
| 74 and below | 1 | 1.0 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| Total | 100 | 100.0 | |

Ipinapakita lamang ng **Talahanayan 5**, sa antas ng konotasyon ng malikhaing pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang kalipunan ng mga salitang umusbong sa panahon ng pandemya ay ang nagkaroon ng 37 mula sa 100 na mag-aaral o 37% porseiyento ang nasa **pinakamuhusay** na antas ng pag-unawa at mayroon na lamang na 1 mula sa 100 o 1% ng mga mag-aaral ang nasa **hindi nakamit ang inaasahan** na antas.

Ipinapakita ng datos sa itaas na marami sa 100 na mag-aaral na kumuha ng post-test o pagkatapos gamitin ang mga naturang salita ay tumaas ang kakayahan ng mga mag-aaral na magbahagi ng kaalaman sa konotasyon na aspekto, nakatulong din sa kanila ang paggamit ng kalipunan ng mga umusbong na salita panahon ng pandemya.

TALAHANAYAN 6. ANTAS NG MALIKHAING PAG-UNAWA SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL PAGKATAPOS GAMATIN ANG KALIPUNAN NG MGA UMUSBONG NA MGA SALITA SA PANAHON NG PANDEMYA

**Batay sa Imahinasyon**

| Antas ng Kasanayan | f | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 90 and above | 49 | 49.0 | Pinakamuhusay |
| 85-89 | 29 | 29.0 | Napakahusay |
| 80-84 | 17 | 17.0 | Mahusay |
| 75-79 | 4 | 4.0 | Di-gaanong Mahusay |
| 74 and below | 1 | 1.0 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| Total | 100 | 100.0 | |

Ipinapakita lamang ng **Talahanayan 6**, sa antas ng imahinasyon ng malikhaing pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang kalipunan ng mga salitang umusbong sa panahon ng pandemya ay ang nagkaroon ng 49 mula sa 100 na mag-aaral o 49% porseiyento ang nasa **pinakamahusay** na antas ng pag-unawa at mayroon na lamang na 1 mula sa 100 o 1% ng mga mag-aaral ang nasa **hindi nakamit ang inaasahan** na antas. Ipinapakita ng datos sa itaas na marami sa 100 na mag-aaral na kumuha ng post-test o pagkatapos gamitin ang mga naturang salita ay tumaas ang kakayahan ng mga mag-aaral na magbahagi ng kaalaman sa imahinasyon na aspekto, nakatulong din sa kanila ang paggamit ng kalipunan ng mga umusbong na salita panahon ng pandemya.

Batay na rin sa mga ipinakitang datos bago at pagkatapos gamtin ang mga umusbong na mga salita sa panahon ng pandemya ay nakatulong ito sa maliki sa mga mag-aaral upang lumabas ang kanilang kahusayan sa malikhaing pag-unawa batay sa mga baryabol na ipinirisinta.

Ayon sa WarbletonCouncil (2021) sa kanilang Orihinalidad: kahulugan, magkasingkahulugan, magkasingkahulugan, halimbawa ito ay tumutukoy sa pagkakaoon ng orihinalidad ng salita na hindi ginaya, kinuha o kinopya. Ayon naman sa Royal Spanish Academy ang orihinalidad ay nakabatay sa mga sumusunod: nilamaman, kahulugan at pinagmulan ng salita, etimolohiya, orihinalidad at pagmamay-aring intelektuwalidad at maging sa mga kasing kahulugan. Ang orihinalidad ay ibinibigay isa isang ginawa na walang pinagkunan o pinaggayahan. Ito ay nalalapit sa isang likhang sining gaya ng kuwadro, iskultura, pelikula o kanta. Ngunit ito ay maaring magbago ayon sa pagkakagamit nito sa konteksto.

Ayon sa Encyclopedia-Titanica (2021) ang mga Mga ekspreyon kahulugan ng imahinasyon (ano ito, konsepto at kahulugan) - mga expression – 2021 ang imahinasyon ay pangkaisipan na kakayahan ng tao na bumuo ng imahe ng mga bagay. Ito ay binuo sa pamamagitan ng pagpapantasya na kung minsan ay nagagamit ito upang mapag-usapan ang napapatungkol sa isang hinala o ideya na wala naming pingkukunang batayan. Nagmula sa salitang haka-haka na may kahulugan sa salitang latin na onis. Sa larangan ng sikolohiya ay napag-aralan ang pag-iisip na pamproseso ng tao sa pakamilikhain o ang paggamit ng imahinasyon. Sa laranangan ng sining ay pinapahalagahan ito, maging sa iba pa dahil pinapayagan ang imahinasyon at malikhaing kapasidad upang magbigay ng isang solusyon, makapagbigay ng mga punto ng relasyon, pananaw, ideya at konsepto sa bagong paraan. Ang mga naturan ay mahalagang elemento at hindi magiging pag-iimbento lamang dahil ito ay mga ankop at maaring pagbatayan. Ang pagkamalikhain at imahinasyon ay taglay ng lahat ng tao, dahi ito ay isang likas na kakayahan. Ngunit may mga tao pa rin na maituturing na mapanlikha o malikahain. At ito ay maari pang hubugin sa pamamagitan ng pagsasanay. Samantala ang imahinasyon ay may uri depende sa kung paano ito ginagamit, ang una ay ang imahinasyon ng reproduktibo na ginagamit upang palabasin ang mga imahe sa pamamagitan ng pandama o ang memorya. Ang ikalawa naman ay ang malikhaing imahinasyon hindi napapansin ng tao na siya ay gumagamit na ng mga imahe na maaring totoo o hindi totoo, ang mga nasabing imahe ay maaring plastik (mas konkreto) o di kaya naman ay naiiba (mas abstract at subjective). Kapag ito ay mag kaugnayan sa sining ito ay tinatawag na artistikong imahinasyon.

TALAHANAYAN 7. PAGKAKAIBA NG ANTAS NG MALIKHAING PAG-UNAWA SA PAGBASA BAGO AT PAGKATAPOS GAMTIN ANG KALIPUNAN NG MGA UMUSBONG NA MGA SALITA SA PANAHON NG PANDEMYA

| Malikhaing Pag-unawa sa Pagbasa | Test | Mean | SD | Mean | SD | 95% CI of the Difference | | t | Sig. | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | Lower | Upper | | | |
| Orihinalidad | Pre-test | 73.09 | 5.38 | -14.98 | 10.90 | -17.143 | -12.817 | -13.742 | .000 | Sig. |
| | Post-test | 88.07 | 9.99 | | | | | | | |
| Konotasyon | Pre-test | 70.11 | 2.71 | -19.04 | 8.05 | -20.636 | -17.444 | -23.666 | .000 | Sig. |
| | Post-test | 89.15 | 7.21 | | | | | | | |
| Imahinasyon | Pre-test | 69.97 | 2.13 | -19.58 | 7.33 | -21.034 | -18.126 | -26.719 | .000 | Sig. |
| | Post-test | 89.55 | 7.05 | | | | | | | |

Ipinapakita ng **Talahanayan 7** ang naging resuta ng pre-test at post na isinagawa sa mga mag-aaral gamit ang Kalipunan ng mga Salitang Umusbong sa Panahon ng Pandemya bilang kagamitin sa pagtuturo sa Filipino at sa Antas ng Malikhaing Pag-unawa sa pagbasa, sa batay sa orihininalidad na nagkaroon ng sa t-value na -13.742, konotasyon na -23.666 at ang imahinasyon na -26.719 at gamit ang p-value na .000, ang naging resulta nito ay significant. Kaya naman ang hinuha na walang pagkakaiba ang antas ng malikahing pag-unawa bago at pagkatapos gamitin ang mga naturang salita ay **hindi tanggap** o **rejected**, samakatuwid ang mga naturang salita ay nakatulong malaki sa malikhaing pag-unawa ng mga mag-aaral, dahil sa nagkaroon ng pagtaas sa mga nakuhang puntos ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang mga salita sa panahon ng pandemya. Ito ay pinatutunayan ng pahayag ni Montenegro (2016) sa kanyang artikulo na Pagbabago ng Wika, dapat nga bang ikabahala? Ang ating wika ay dinamiko o buhay, ang ibigsabihin lamang nito na ito ay patuloy na nagbabago sa bilang at kahulugan ng mga salita nito. Kaakibat ng mga pinagbabago sa ating lipunan ay ang pag-usbong din ng iba't ibang mga salita at modernong teknolohiya. Ang mga salitang ito ay nabubuo batay na rin sa pamumuhay at ginagawa ng mga tao at nagbibigay ng kulay rito. Tulad ng ng kultura, ang ating wika ay maaring nahubog sa iba't ibang mga pangyayari sa bawat dumaan na panahon. Dapat na maunawaan natin na ang mga dati ng mga salita ay kasama sa ebolusyon nito at nagpapakita na ating wika ay tunay na masigla.

Ayon naman sa pag-aaral nina Syaprizal at Yayuk Handira (2016) na pamagat na TEACHING READING COMPREHENSION BY USING CREATIVE THINKING READING ACTIVITIES (CTRA) TO THE ELEVENTHGRADE STUDENTS OF SMANEGERI 8 LUBUKLINGGAU lumabas sa kanilang resulta malaki ang naitulong ng Creative Thinking Reading Activities (CTRA) upang lumabas maging mabihasa ang mga mag-aaral sa paggamit ng malikhaing pag-unawa. Gumamit ang mga mananaliksik ng iba't ibang teksto kasama na rito ang mga gabay na tanong at ibinigay ito sa mga mag-aaral. Sa unang bahagi ay nahirapan ang mga mag-aaral sa nilalaman ng teksto dahil sila ay hindi pamilyar dito. Ngunit sa tulong na rin ng pauli-ulit na paggamit at pagbibigay ng mga gawain sa mga mag-aaral ay napagtagumapayan nila ito. Gumamit sila ng pre-test kung saan inalam muna nila ang kapasidad ng mga mag-aaral bago magitin ang metodo. Pagkatapos nito ay ginamit na nila sa mga mag-aaral ang metodo ng ilang buwan. Kaya naman pagtapos nito ay binigyan nila ito ng post-test. Lumabas na sa pagtatayang ito ay naging mahusay ang mga mag-aaral at tunay na lumabas ang kanilang malikhaing pag-unawa.

## V. KONKLUSYON

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa Kalipunan ng mga Salitang Umusbong sa Panahon ng Pandemya Bilang Kagamitan sa Paguturo ng Filipino at Antas ng Malikhaing Pag-unawa, na kung saan ang mananaliksik ay bumuo ng brochure at learning activity sheets na naglalaman ng mga naturang salita.

Ginamit sa pag-aaral na ito ang pre-test at post-test upang masukat ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa aspektong malikhain. Pagkatapos nito ay ginamit naman ang T-test upang malaman kung may pagkakaiba ba an gantas ng malikhaing pag-unawa sa pagbasa bago at pagkatapos gamitin ang kalipunan ng mga salitang umusbong sa panahon ng pandemya.

Batay sa resulta ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na kongklusyon ; 1. Ang hinuha ay hindi tanggap o rejected dahil mayroong pagkakaiba ang antas ng Malikhaing Pag-unawa sa Pagbasa bago at pagkatapos gamtin ang Kalipunan ng mga Umusbong na mga salita sa panahon ng Pandemya 2. Nakatulong ng malaki ang kalipunan ng mga sa kalipunan ng mga salitang umusbong sa panahon ng pandemya sa antas ng malikhaing pag-unawa sa pagbagsa ng mga mag-aaral.

Batay naman sa konklusyon, ang mga sumusnod ay inererekomenda :1. Patuloy na gamitin ang brochure at learning activity sheets bilang kagamitan sa paguturo sa Filipino at sa Antas ng Malikhaing Pag-unawa sa Pagbasa upang makatulong sa mga mag-aaral maging sa guro; 2. Laging sanayin ang antas ang malikhaing pag-unawa sa pagbasa dahil ito ay isa sa pinakamataas na antas sa aspektong pagbasa. Maaaring gamitin brochure na naglalaman ng mga sa salita bilang kagamitan sa paguturo sa Filipino at sa Antas ng Malikhaing Pag-unawa sa Pagbasa; at 3. Dahil nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa antas ng malikhaing pag-unawa sa pagbasa, ay maaring gamitin ang binuong brochure ng mga salitang namayani na maari ng maging bahagi nan g bokabularyo ng bawat isa. Dahil maaring ang mga salitang ito ay magsisilbing paalala sa atin na ating nalampasan at tinalo natin ang Pandemyang nagdaan.

## Sanggunian

### Aklat :

[1] Paz, Consuelo, Viveca Hernandez, at Irma Peneyra (2003) Ang pag-aaral ng Wika. Quezon City: The University of the Philippines Press

[2] Galileo S. Zafra, Michael M. Coroza (2006) Mga Salita ng Taon 2005 The University of the Philippines Press, UP Press building UP. Campus, Diliman, Quezon City, 1101

[3] Romulo P. Baquirin, Jr. at Galileo S. Zafra (2007) Sawikaan 2007:Mga salita ng Taon University of the Philippines Press, UP Press building UP. Campus, Diliman, Quezon City, 1101

[4] De Vera, Melvin B. et.al. 2015. Komunikasyon sa Akademikong Filipino (Ikalawang Edisyon). Mandaluyong City: Books Atbp. Publishing Corp.

[5] Dr. Servillano T. Marquez, Jr. (2016) Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino, Sibs Publishing House

### Mga Artikulo :

[6] Bernardino Lorenz B. Casanova (2012) Jejemon : PAG-AARAL SA MGA SALITA NG TAON NG SAWIKAAN MULA 2004-2007 AT 2010

[7] Syaprizal at Yayuk Handira (2016) na pamagat na TEACHING READING COMPREHENSION BY USING CREATIVE THINKING READING ACTIVITIES (CTRA) TO THE ELEVENTHGRADE STUDENTS OF SMANEGERI 8 LUBUKLINGGAU

[8] Encyclopedia-Titanica (2021) ang mga Mga ekspreyon kahulugan ng imahinasyon (ano ito, konsepto at kahulugan) - mga expression – 2021 [7]

[9] WarbletonCouncil (2021) sa kanilang Orihinalidad: kahulugan, magkasingkahulugan, magkasingkahulugan, halimbawa

[10] Gabreila Boron (2020) ‘Pandemya’ is Sawikaan’s Word of the Year for 2020